# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO

## MANATILING LIGTAS SA **MALALAKAS NA HANGIN**

**Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ng mga bagong hamon sa ating estado ang mas malamig na buwan, tulad ng malalakas na hangin, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.**

**Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na IYONG magagawa ngayon upang panatilihing ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay sa panahon ng malalakas na hangin.**

**Ang malalakas na hangin ay kayang magpatumba ng mga puno at linya ng kuryente, makapinsala sa mga bahay at gusali, at maging sanhi ng paglipad ng mga piraso ng anumang materyales. Ang pag-alam kung ano ang gagawin sa panahon ng malalakas na hangin ay makakapagligtas ng mga buhay.**

### MAGHANDA PARA SA MALALAKAS NA HANGIN

- Subaybayan ang mga ulat ng lagay ng panahon at opisyal na channel ng serbisyong pang-emerhensiya sa TV, radyo, at ng county. Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa **ListosCalifornia.org/Alerts**.
- Kapag inaasahan ang malalakas na hangin, tanggalin ang anumang patay na puno o nakasabit na sangang malapit sa mga istruktura. Suriin kung may hindi nakadikit na materyales sa bubong.
- Siguruhin ang mga bagay sa labas—tulad ng mga muwebles, laruan, o basurahan sa mga bakuran, sa patio, o sa mga balkonahe—na maaaring tangayin at magdulot ng pagkasira o pinsala.
- Maaaring magdulot ang malalakas na hangin ng mga pagkawala ng kuryente. Magkaroon ng sapat na tubig at pagkaing hindi kailangang palamigin para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan. Ganap na i-charge ang mga backup na baterya, maghandang panatilihing malamig ang mga gamot at naka-charge ang mga medikal na kagamitan, at magkaroon ng access sa radyong pinapagana ng baterya para sa mga balita.
- Mag-sign up para sa mga alerto sa pamamagitan ng iyong kumpanya ng kuryente upang maabisuhan ka tungkol sa anumang isyu sa kuryente. Kung gumagamit ka ng mga de-kuryenteng medikal at pantulong na kagamitan, siguraduhing magpatala sa isang Medical Baseline na programa upang masigurong ligtas ka kung mawawalan ng kuryente.

### MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG MALALAKAS NA HANGIN

- Pumunta sa pinakaligtas na lugar, tulad ng kuwarto sa loob o banyo. Lumayo sa mga bintana.
- Iwasang lumabas kapag malakas ang hangin. Kung nasa labas ka, humanap ng agarang masisilungan o magtago sa tabi ng isang gusali.

Cal OES
GOVERNOR'S OFFICE OF EMERGENCY SERVICES

ListosCalifornia.org

# MANATILING LIGTAS SA **MALALAKAS NA HANGIN**

## MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG MALALAKAS NA HANGIN

- Kung kailangan mong magmaneho, panatilihin ang dalawang kamay sa manibela at bumagal para ligtas ang bilis ng iyong pagmamaneho.
- Manatili sa isang ligtas na distansya mula sa iba pang sasakyan dahil maaaring matangay ng malalakas na bugso ng hangin ang mga ito sa mga katabing linya. Manatiling malayo sa mga box truck, RV, at iba pang mas malaking (high profile) sasakyan, dahil mas maaaring maapektuhan ang mga ito ng malalakas na hangin.
- Buksan ang iyong mga headlight kung sakaling umihip ang alikabok, buhangin, niyebe, o ulan. Mag-ingat sa mga piraso ng anumang materyales na maaaring biglang matangay papunta sa kalsada.
- Kung magiging masyadong malakas ang hangin para sa ligtas na pagmamaneho, huminto sa gilid ng daan, buksan ang iyong mga hazard light at hintaying bumuti ang mga kondisyon. Iwasang pumarada malapit sa mga puno o iba pang matataas na istruktura na maaaring mahulog sa iyong sasakyan.
- Huwag kailanman lalapit sa mga natumbang linya ng kuryente. Iwasan ang anumang bagay na posibleng nakadikit sa isang nakatumbang linya, kabilang ang mga sanga ng puno at mga sasakyan. Tumawag sa 911 at iyong lokal na tagapagbigay ng serbisyo upang iulat ang mga naputol na linya ng kuryente.

## BUMAWI MULA SA MALALAKAS NA HANGIN

- Kumuha ng mga larawan para idokumento ang anumang pinsala sa iyong ari-arian bago ka magsimulang maglinis o mag-ayos.
- Kung hindi ligtas na manatili sa iyong bahay, tumawag sa mga opisyal ng county upang maghanap ng mga lokasyon ng kanlungan. Pinaglilingkuran ng mga pampublikong kanlungan ang lahat at hindi ito maaaring humingi ng ID. May ilang kanlungang mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga taong may alagang-hayop.
- Mag-ingat sa paghawak ng mga piraso ng anumang materyales o pagtulong sa mga kapitbahay o iba sa paglilinis sa iyong komunidad.
- Kung nawalan ka ng kuryente, sa labas lang gumamit ng generator, hindi bababa sa 20 talampakan mula sa mga pinto at bintana. Huwag gagamit ng mga generator sa mga basang kondisyon. Huwag kailanman gagamit ng generator sa loob ng bahay. Makakapatay ang nakalalasong tambutso nito sa loob ng ilang minuto.
- Tandaang maaaring sarado ang mga kalsada dahil sa mga natumbang linya ng kuryente o puno. Huwag kailanman magmamaneho sa paligid ng mga barikada.